# Mga Kontribyutor

Si **Aristotle P. Balba, Ph.D.** ay Associate Professor ng Social Science sa College of Education Arts and Sciences, De La Salle Lipa, Batangas. Kumuha siya ng kursong A.B. Philosophy sa St. Francis de Sales Major Seminary, M.A. History sa Ateneo de Manila University, at Ph.D. Philippine Studies sa De La Salle University.

Si **Jovert R. Balunsay, Ph.D.** ay isa sa mga propesor sa Filipino ng Kolehiyo ng Sining at Agham ng Pampamahalaang Unibersidad ng Catanduanes. Nagtapos siya ng kursong batsilyer sa Edukasyong Sekundarya, medyor sa Filipino sa Pamantasan ng Bikol bilang *cum laude*. Kumuha siya ng degring Master sa Filipino sa parehong pamantasan at nagtapos bilang Outstanding Graduate.Natamo niya ang titulong Doktor ng Pilosopiya sa Filipino bilang Most Outstanding Graduate sa pareho ring pamantasan noong 2014. Natamo niya ang sumusunod na parangal: Isa sa Ten Outstanding Teachers of Albay 2012, Natatanging Guro sa Filipino sa Dibisyon ng Albay 2012 at Rehiyong Bikol 2012, Best Paper Presenter 2017, Best Research Paper 2016, at Ulirang Guro sa Filipino 2017 ng Komisyon sa Wikang Filipino. Aktibo siya sa mga gawaing pampananaliksik, paghahanda ng kagamitang panturo, pangangasiwa ng mga gawaing pangwika, at pagsusulat ng mga aklat pangwika, pampanitikan, at pampamahayagan. Kasalukuyan siyang may akademikong ranggong Associate Professor I.

Si **Feorillo A. Demeterio III, Ph.D.** ay Full Professor ng Departamento ng Filipino at kasalukuyang Direktor ng University Research Coordination Office, De La Salle University. Siyang may-akda ng mga librong *Ang mga Ideolohiyang Politikal ng Catholic Bishops› Conference of the Philippines*, and *Ferdinand Blumentritt and the Philippines*, pati ng ilang artikulo tungkol sa hermenyutika, araling kultural, araling Pilipino, at pilosopiyang Pilipino na nailathala sa iba't ibang lokal at internasyunal na journal. Nanungkulan siya bilang visiting research professor sa Council for Research in Values and Philosophy ng Catholic University of America sa Washington, D.C. Noong 2014, kinilala si Dr. Demeterio bilang outstanding alumni sa larangan ng pilosopiya ng Graduate School ng University of Santo Tomas.

Kasalukuyang kumukuha ng kursong Batsilyer sa Edukasyong Filipino na may Sertipiko sa Pagtuturo ng Sekundarya sa Pamantasang Normal ng Pilipinas-Maynila si **Jazz Lendle Dy**. Pangulo ng Kapisanang Diwa at Panitik (KADIPAN), ang opisyal na samahan ng mga nagpapakadalubhasa sa Filipino at Faculty of Arts and Languages Student Association (FALSA), ang opisyal na samahan ng mga mag-aaral sa ilalim ng Fakulti ng mga Sining at Wika ng Pamantasang Normal ng Pilipinas-Maynila.

Si **Roberto E. Javier Jr., Ph.D.** ay *Full Professor* at *Chairperson* ng Departamento ng Sikolohiya ng De La Salle University – Manila. Siya ay Rehistradong Sikolohista at may PhD sa Sikolohiyang Pangklinika. Nailathala ng De La Salle Publishing House ang mga aklat niya na Pakikipagkapwa: Pilipinong Lapit sa Pananaliksik (2012), *From Exceptionality to Exceptional: Inclusion of Differently Abled Persons in the Workplace* (2014) at *Seasons in Parenting: Studies on Parents' Life Stories and Parenting Achievements* (2015), nabigyan ng nominasyon para *National Book Awards* 2015. Naging tangan din niya ang *academic*

Copyright © 2017 by De La Salle University

*chairs* na – John Gokongwei Sr. *Professorial Chair* para sa Araling Asyano (2005-2006), Charles Lui Chi Keung *Professorial Chair* para sa Araling Tsino (2006-2007), Fausto Gonzales Y. Sioco *Professorial Chair* para sa Pamahalaang Panlokal (2009-2010), Exaltacion C. Ramos *Professorial Chair* para sa Mga Panukat at Pagsukat (2014-2015), PAGCOR *Professorial Chair* para sa Pantaong Pag-unlad (2015-2016) at Manuel G. Zamora *Professorial Chair* para sa Agham Panlipunan (2016-2017).

Kasalukuyang kumukuha ng kursong Batsilyer sa Edukasyong Filipino na may Sertipiko sa pagtuturo ng Elementarya sa Pamantasang Normal ng Pilipinas-Maynila si **Dianne Malacay**. Miyembro ng Kapisanang Diwa at Panitik (KADIPAN), ang opisyal na samahan ng mga nagpapakadalubhasa sa Filipino at Sangay Pilantik.

Kasalukuyang kumukuha ng kursong Batsilyer sa Edukasyong Filipino na may Sertipiko sa Pagtuturo ng Elementarya sa Pamantasang Normal ng Pilipinas-Maynila si **Kaye-Ann Oteyza**. Punong Patnugot ng The Torch Publications, ang opisyal na pahayagang pang-mag-aaral ng PNU-Maynila, miyembro ng Kapisanang Diwa at Panitik (KADIPAN), ang opisyal na samahan ng mga nagpapakadalubhasa sa Filipino ng Pamantasang Normal ng Pilipinas.

Mag-aaral ng literatura at kulturang Bikol si **Paz Verdades M. Santos, Ph.D.**. May-akda siya ng mga antolohiya, manwal, at teksbuk ng literaturang Bikol. Batay ang artikulong ito sa ang panayam na ibinigay niya sa Pambansang Kumperensiya sa Wika at Panitikang Bikol sa Central Bicol State University of Agriculture sa Pili, Camarines Sur noong 6 Abril 2017.

Isang bantog na *University Fellow* si **Florentino Tejero Timbreza, Ph.D.** sa Pamantasang De La Salle kung saan siya nagretiro bilang *Full Professor 10*, ang pinakatanyag at pinakamataas na ranggong pang-akademiko sa tinurang Pamantasan. Siya ang premyadong sumulat at dumipensa ng kauna-unahang disertasyon para sa pagkadoktorado sa pilosopiya: *Ang Landas ng Buhay, Ayon Kay Lao Tzu* (UST, 1980). Siya rin ang premyadong may-akda ng kauna-unahang aklat na pinamagatang *Pilosopiyang Filipino* (1982) na tumatalakay sa katutubong mga pandaigdigang pananaw, pag-iisip, paghahaka, pilosopiya ng buhay at mga pagpapahalaga ng mga taong-bayan. Sinundan pa ito ng *Mga Hugis ng Kaisipang Filipino* (1989), *Intelektwalisasyon ng Pilosopiyang Filipino* (1999), *Sariling Wika at Pilosopiyang Filipino* (2008) at ang *Tatlong Pandaigdigang Pananaw sa Pilosopiya* (2007), kung kaya't marapat lamang na bansagan siyang "Ama ng Pilosopiyang Filipino" (DIWA Learning Systems, Inc. & Batobalani Foundation, Inc., 2 Setyembre 2006). Bukod pa rito, siya ay premyadong gumawa ng kauna-unahan at nag-iisang salin sa Filipino ng *Tao Te Ching* (1999), ang isa sa mga dakilang ambag ng bansang Tsina sa pandaigdigang literatura, pilosopiya at relihiyon. Premyadong awtor din siya ng kauna-unahang *"full-length textbook of bioethics in the Philippines"-- Bioethics and Moral Decisions* (1993). Higit sa lahat, si Timbreza ay kaakdang sumulat din ng kauna-unahan at nag-iisa pa lamang na *Ensayklopidiya ng Pilosopiya* (1993) bilang tahasang patunay sa sapat na yaman, lawak, at lalim ng Filipino na maging behikulo ng artikulasyon at pagpapahayag ng mga araling pampilosopiya at diwang panteolohiya. Sa kasalukuyan, may dalawampu't isang (21) aklat si Timbreza, siyam (9) sa Filipino at labingdalawa (12) sa Ingles. Kaya kinikilala siya sa akademya hindi lamang bilang "Kampeon ng Filipino" (2002) kundi isang *"prolific offspring of bilingualism"* (prolipikadong supling ng baylingguwalismo). Para sa lahat nang ito, iginawas sa kanya ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang bukod-tanging parangal, ang tropeyong "DANGAL NG WIKANG FILIPINO" (2015), "ang pinakamataas na pagkilalang iginagawad ng KWF na ibinibigay lamang sa mga piling-piling indibidwal na may angking kontribusyon sa lipunan para higit na umangat ang Filipino sa iba't ibang larangan at dominyo ng kapangyarihan." Bagaman retirado na, nagtuturo pa rin sa kasalukuyan si Timbreza ng pilosopiya sa UST Graduate School at sa Christ the King Mission Seminary, a.k.a. Society of the Divine Word sa Lungsod Quezon.

Si **Susan Madrid-Tindugan, Ph.D.** ay propesor sa Filipino ng Kolehiyo ng Sining at Agham. Natapos niya ang kursong Bachelor of Science in Education sa Pampamahalaang Kolehiyo ng Catanduanes. Sa parehong pamantasan niya rin natamo ang titulong Master of Arts in Education Major in Administration and Supervision. Ang kaniyang titulong Doktor ng

Pilosopiya sa Filipino ay natapos niya sa Pamantasan ng Bikol, Paaralang Gradwado. Kasalukuyan siyang koordineytor ng Civic Welfare Training Services (CWTS) at may akademikong ranggong Associate Professor III. Aktibo siyang tagapanayam sa iba't ibang gawaing pangwika, direktor ng mga seminar sa paaralan, LET review lecturer, at mananaliksik.

Nag-aral sa mga pampublikong paaralan si **Nelson Turgo**. Nagtapos siya sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman at Cardiff University, Wales, United Kingdom. Isa rin siyang kuwentista sa Filipino at Ingles. Anak siya ng isang mangingisda. Kasalukuyan siyang nagtratrabaho bilang Research Associate sa SIRC, School of Social Sciences, Cardiff University, Wales, UK.

Tinapos ni **Voltaire Villanueva** ang kanyang Ph.D. sa Araling Filipino sa Wika, Kultura, at Midya sa Pamantasang De La Salle-Maynila. Nagtapos ng BSE Social Science na mayroong espesyalisasyon sa Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas-Maynila *cum laude* noong 2005. Kilalang tagapagsalita at tagapagsanay ng mga guro sa iba't ibang panig ng bansa ukol sa pamamahalang pampaaralan, wika, at kultura, inobasyon sa pagtuturo, at lapit o dulog ng guro sa epektibong pagtuturo. Sa kasalukuyan ay masayang propesor at tagapagpadaloy ng karunungan sa mga pag-asa ng bayan ng Pamantasang Normal ng Pilipinas-Maynila.

# Panawagan para sa Kontribusyon sa Malay

*Isyu para sa Buwan ng Hunyo 2018, Tomo XXX, Blg. 2*

**Tunguhin**

Ang *Malay*, isang multi/interdisiplinaryong journal sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle – Manila (DLSU-M) na internationally refereed at abstracted, ay naglalayong maglathala ng mga lathalain tungkol sa mga usapin at dalumat kaugnay ng wika, kultura, at mass media na nagsusulong ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Tumatanggap din ng mga sulatin sa Ingles at iba pang mga wika na isasalin sa wikang Filipino. Tanging ang salin sa Filipino ang ilalathala.

**Detalye ng Paglilimbag**

Nililimbag ang *Malay* makalawa isang taon sa ilalim ng pamamahala ng De La Salle University Publishing House ng Pamantasang De La Salle-Manila. Bilang multi/interdisiplinaryong journal, nagtatampok ito ng mga papel, riserts, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa Araling Filipino na may tuon sa wika, kultura, at mass media. Ang mga ideya, opinyon, at paninindigan ng mga may-akda ay kanilang pananagutan at hindi sumasalamin sa mga pagkukuro at patakaran ng mga patnugot, ng kaguruan, o ng pangasiwaan ng Pamantasang ito.

**Proseso ng Pagrerebyu**

Ang mga lathalain ay nirerebyu ng mga miyembro ng Internasyonal na Lupon ng mga Patnugot at ng iba pang mga kilalang iskolar sa kani-kanilang disiplina. Ang bawat artikulo ay nirerebyu ng dalawang iskolar. Sa pagkakataong may magkasalungat na pagpapasiya ang naturang dalawang rebyuwer, ito ay ibinibigay sa isa pang rebyuwer. Ang buong prosesong ito ay isinasagawa nang hindi nalalaman ng may-akda kung sino ang rebyuwer ng kaniyang artikulo, at gayundin, hindi ipinakikilala sa rebyuwer kung sino ang may-akda ng kaniyang nirerebyung artikulo.

Mula rito, muling nirerebyu ng Punong Patnugot ang mga nakapasang lathalain mula sa mga naunang nagrebyu nito. Ang mga lathalaing nangangailangan ng medyor na rebisyon ay ibinabalik sa mga may-akda para sa mga kahingian ng mga rebyuwer. Ang mga may-akda ng mga papel na hindi matatanggap ay padadalhan ng liham na maglalaman ng mga puna at komento ng mga nagrebyu. May karapatan ang mga Patnugot na maging pag-aari ang kopya ng lahat ng papel na ipinasa.

**Detalye ng Pagsusumite**

Ang mga papel (riserts, artikulo, rebyu) ay kailangang nakasulat sa Filipino. Sakaling nasa ibang wika, isasalin ito sa Filipino at tanging ang salin ang ilalathala. Kailangang hindi pa nailalathala o naisumite para sa konsiderasyon sa ibang publikasyon o journal ang mga papel na ipapasa para dito. Isang 200-250 salitang abstrak at limang susing salita, kapuwa nasa wikang Filipino at Ingles, ang hinihiling na kalakip sa papel na may 5,000 hanggang 7,000 salita (20-40 pahina). Ang titulo ng lathalain ay dapat na mayroon ding salin sa wikang Ingles.

Ang papel ay kailangang kompyuterisado sa maikling bond paper na may isang pulgadang palugit sa lahat ng gilid, doble-espasyo, gamit ang font na Times New Roman at may laking 12-puntos, at maayos na naidokumento gamit ang MLA Seventh Edition.

Kailangang minimal ang mga dulong tala. Kung sakaling may larawan o ilustrasyong bahagi ng submisyon, ang file ay kailangang nasa format na jpeg. Hinihiling ang malinaw na kopya. Kailangan ding may kapsiyon at karampatang pagkilala sa pinaghiraman o may-ari/maylikha ng larawan/ilustrasyon.

Ang pangalan ng awtor, tirahan, e-mail, at iba pang mahahalagang kontak ay kailangang nakasulat sa hiwalay na papel. Anumang pagkakakilanlan sa identidad ng awtor ay kailangang wala sa manuskrito. Sumulat din ng isa hanggang dalawang talatang bio-note para sa pagkakakilanlan ng may-akda.

Tinatanggap ang mga submisyon sa pamamagitan ng e-mail sa malayjournal@gmail.com. Ang dedlayn ng pagpapadala para sa isyu ng *Malay* ay sa ika-30 ng Marso.

Ipadala ang manuskrito at lahat ng kailangan kay Dr. Florentino Timbreza, Punong Patnugot; Dr. Rowell Madula, Kawaksing Patnugot; o kay Dr. Alona Jumaquio-Ardales, Tagapamahalang Patnugot, sa De La Salle University Publishing House, Yuchengco Hall, Room 601, Pamantasang De La Salle , 2401 Taft Avenue, Manila. Para sa iba pang impormasyon, maaaring tumawag sa (63 2) 5234281 o 524-4611 loc. 271 at hanapin si Ms. Joanne T. Castañares.